

BUOD NG IMINUNGKAHING 9 NA BUWANG INTERIM CONTRACT

Noong simula ng taon, ang ating NUHW bargaining komiti ay nagsimulang makipag-negosyasyon sa CPMC. Nagkaroon kami ng ilang mga pulong ng dumating ang COVID-19, na nagpalit ng patungo ng lahat ng parte ng ating buhay- pati na ang patungo ng mga bargaining contract.

Noong malaman namin na hindi na makakapag-bargain ng tulad ng dati na sa personal, dahil sa pandemic, ang ating bargaining komiti at mga steward ay nagpulong at nagpasyang magmungkahi sa CPMC na mag-bargain ng bagong Kasunduan, maggawa ng kaunti lamang na pagbabago sa kontrata, magbigay sila ng 3% na pagtaas ng sahod, pumayag sa maikling kontrata, at magpatuloy sa pag-negosyasyon kapag ang kalalaan ng COVID-19 ay lumipas na.

Bilang tugon sa mungkahing ito, ang CPMC ay nag-propose sa mga miyembro ng NUHW noong ika-24 ng Abril ng mga sumusunod, na kailangang pang pag-botohan ng mga miyembro ng NUHW:

1. Pagtaas ng sahod ng 3%

Epektibo sa unang pay period sa Mayo (ika-10 ng Mayo) lahat ng mga manggagawa, kasama lahat ng step sa wage appendix, ay makakatanggap ng 3% na pagtaas ng sahod para sa kalahatan.

2. Kontrata - 9 na buwan

Ang bagong Kontrata ay matatapos sa ika-31 ng Enero, 2021, at magsisimula uli ng pagbabargain sa Oktubre, 2020, kung kailan maaari tayong makipagpulong ng tulad ng dati na personal, at makakapagbargain para sa mas mahabang kontrata.

3. Benepisyo na Insurance

a. Ang EPO ay walang pagbabago. 100% bayad ng employer ang premium cost ng plano ng CPMC para sa mga manggagawa, asawa, at mga dependent. Ang karamihan sa ating mga miyembro ay nasa ilalim ng planong ito.

b. Buy Up PPO. Sa kasalukuyan ay may tatlong kategorya ng buy up PPO at kasalukuyang presyo para sa mga manggagawa:

Manggagawa:	\$111.93 bawat pay period
Manggagawa + 1:	\$209.32 bawat pay period
Manggagawa + 2:	\$310.05 bawat pay period

Bagong Programa mula ika-1 ng Enero, 2021:

Manggagawa:	\$111.93 walang pagbabago
Manggagawa + Asawa:	\$217.15 (kaunting pagtaas)
Manggagawa + Anak:	\$204.83
Manggagawa + Asawa + Anak:	\$310.06

Ang pinakahuling dalawang kategorya ay marahil makakarepresenta ng pagbaba ng presyo - maliit hanggang malaki, para sa mga manggagawa na may mas marami pa sa isang anak.

BUOD NG IMINUNGKAHING 9 NA BUWANG INTERIM CONTRACT

- c. **Ang FSA**, ayon sa ating kasalukuyang kontrata, ay matatapos na sa end of the year, kaya kailangang maggawa ng proposal sa Oktubre ngayong taon para ipagpatuloy ito. Dalawang taon na ang nakalipas ng binitawan ng SEIU ang benepisyong ito.
- d. Ang kasalukuyang employee rebates para sa mga manggagawang nagpasyang hindi lumahok sa mga inaalok na health plan ay mananatiling pareho ng dati. Ang rebate para sa plano para sa Vision plan ay \$1 bawat pay period, o total na \$26 bawat taon ay hindi na iaalok pagdating ng ika-1, ng Enero, 2021.

4. Tuition Reimbursement

Tumaas mula \$1,000 kada taon, ngayon ay \$3,000 na.

5. PTO

Maliban pa sa kasalukuyang cash-out options, ang PTO cash-out ay maari nang magamit ng boluntaryo, upang ibigay sa katrabaho na nakakaranas ng malubhang sakit. Ito rin ay maaring gamitin ng manggagawa kung mayroong malaking kahirapan sa pera --, halimbawa foreclosure, eviction, atbp.

Para sa mga manggagawang labis na sa maximum ang naipon at nabayaran sa Disyembre ng bawat taon, ang halaga labis sa 328 oras ay ipepay-out. Kasalukuyan ito'y kung mas mataas sa 320 oras - maliit lamang na pagbabago.

6. Leave kung Namatayan

- a. Para sa 3 araw na benepisyong pag namatayan o bereavement leave para sa pinakamalapit na kamag-anak ng manggagawa, kasama ang asawa, domestic partner, magulang, biyenang, anak, lolo o lola, at kapatid, ang sumusunod ay dinagdag sa kahulugan ng immediate family o pinakamalapit na kamag-anak:

Apo, magulang ng lolo o lola, manugang, legal guardian ng manggagawa o iba pang kamag-anak na nakikitira sa tahanan ng manggagawa (paliwanag sa baba) at anumang relasyon na "step," halimbawa ay step-child, step-parent, step-parent-in-law, atbp.

- b. Karagdagan pa sa benepisyong sa taas, sa oras na ang mga sumusunod na kamag-anak ay namatay, ang mga manggagawa ay pwedeng magkamit ng isang araw na bereavement leave, o kung ang mga kamag-anak na ito ay nakikitira sa tahanan ng manggagawa, ang normal na 3 araw na paid bereavement leave ay pwedeng gamitin:

Tita, tito, pamangkin, pinsan, magulang ng biyenang, bayaw, hipag.

Ang Short Term Contract o Maikling Kontrata ay Pansamantala Lamang

Ang maikling kontrata ay hindi para maisagawa ang marami nating iminungkahi noong simula ng pagba-bargain; ito'y pansamantala lamang upang mabigyan tayo ng pagkakataong mapataas ang sahod at matulungan tayong asikasuhin ang COVID-19. Ito'y magpapahintulot sa ating makapag-bargain sa ibang panahon ngayong taon sa pamamagitan ng normal nating proseso na mabibigyan ng mas malaking pagkakataong makilahok ang mga miyembro ng NUHW.

ika-24 ng Abril, 2020